

Sa Papalapit na Pagtatapos ng 8th Wave (Buod)

February 3, 2023 Issue
Magiging Epektibo sa February 6, 2023
COVID-19 Infection Countermeasures HQ Gifu Prefectural

Noong ika-23 ng Disyembre, ang Prepektura ay naglabas ng "Deklarasyon para Palakasin ang Mga Hakbang Para Maiwasan ang Medikal Crisis", at itinalaga bilang lugar na kinakailangan ng mas malakas na Covid countermeasures dahil sa tumataas na bilang ng mga kaso at upang maiwasan na matabunan sa trabaho ang medical services.

Bilang resulta, ang medikal na pasanin ng Prepektura ay nagsimulang magpakita ng mga palatandaan ng pagbuti.

Dahil sa sitwasyong ito, ang panahon ng pagpapatupad ng strengthened Covid countermeasures, na nakatakdang matapos ngayong Pebrero 12, ay magtatapos ng mas maaga sa iskediyul-Pebrero 5. Salamat sa inyong patuloy na pakikipagtulungan sa mga hakbang laban sa impeksyon.

Gayunpaman, mayroon pa ring ilang Medical Institution kung saan naghihigpit ng pagpasok at paglabas dahil sa mga impeksyon ng mga medical staff, at iba pang rason.

Hinihiling namin sa lahat ng mamamayan ng Gifu na sundin ang mga sumusunod na hakbang upang maprotektahan ang sarili, pamilya, at iba pang tao.

Hinihiling na Kooperasyon mula sa mga Mamamayan ng Gifu:

- Agarang pagpapabakuna
- Masusing pagpapatupad ng pangunahing preventive countermeasures sa pag-iwas ng impeksyon
- Gumamit lamang ng mga emergency services at ambulansya kung talagang kinakailangan
- Iwasan ang mga kilos na hahantong sa pagkalat ng impeksyon, tulad ng pagpunta sa mataong lugar o mga lugar kung saan mataas ang panganib ng impeksyon
- Maingat na isaalang-alang ang tahimik na kainan at inuman na may malaking bilang ng tao at mag-suot ng mask kapag makikipag-usap.